REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 42-A**

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG INSENTIBO ANG MGA "APPREHENDING UNITS AT MGA APPREHENDING OFFICERS" NA NAKAHULI SA MGA LUMABAG SA KAUTUSANG BAYAN BILANG 88-01 (PAGBABAWAL SA MAHAHALAY AT MALALASWANG PALABAS); KAUTUSANG BAYAN BILANG 88-09 (OBSTRUCTION OF TRAFFIC AND LOADING AND UNLOADING IN PROHIBITED ZONES); AT KAUTUSANG BAYAN BILANG 88-10 (PAGBABAWAL SA ILLEGAL VENDORS) SA PAMAMAGITAN NG MGA MULTA NA IPAPATAW NG MGA NASABING KAUTUSANG BAYAN SA PAGKAKASUNOD-SUNOD: LIMAMPUNG BAHAGDAN (50%) MAPUPUNTA SA BAHAY PAMAHALAAN, DALAWAMPU'T LIMANG BAHAGDAN (25%) MAPUPUNTA SA APPREHENDING UNIT AT DALAWAMPU'T LIMANG BAHAGDAN (25%) MAPUPUNTA SA APPREHENDING OFFICER.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang pangunahing layunin ng pamahalaang bayan ay maisagawa ang kalinisan, katahimikan, kaayusan at kaunlaran ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, upang maiwasan ang mga katiwalian sa pagtupad ng tungkulin tulad ng pangunguwalta sa gobyerno at masuhulan ang mga humuhuli o mga nagpapatupad sa mga Kautusang Bayan sa mga lumalabag sa mga nasabing Kautusang Bayan;

SAPAGKAT, ang dalawampu't limang kabahagdan (25%) sa mga nagpapatupad (apprehending unit) ng mga kautusang bayan ay magbibigay ng malaking tulong sa kaayusan at kaunlaran sa kanilang tanggapan at lugar sa pamamagitan ng mga proyekto at mga gawain na magiging kapakipakinabang sa tanggapan, pook o barangay;

SAPAGKAT, ang dalawampu't limang kabahagdan (25%) sa mga apprehending officer na nagpapatupad ng mga kautusang bayan ay bilang pagpapahalaga sa kanilang matapat at matuwid na panunungkulan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang mga kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay nagkaisa sa pagbibigay ng insentibo, dalawampu't limang kabahagdan (25%) sa mga apprehending unit at dalawampu't limang kabahagdan (25%) din sa mga apprehending officer sa pamamagitan ng mga multa na ipapataw sa mga lumabag sa mga nabanggit na kautusang bayan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-apatnapu't isang (41st) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-28 ng Disyembre 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO:

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Disyembre 28, 1988

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**Pahina - 2 -**

**Kapasiyahan bilang 42-A**

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punongbayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal